# ARALIN 24

1. Pagkamatay ng asawa ni Abraham na si Sarah, ano ang ginawa ni Abraham para sa kanyang anak na si Isaac upang aliwin siya?
-Nakahanap si Abraham ng asawa para sa kanyang anak na si Isaac.

2. Ano ang pangalan ng asawa ni Isaac?
-Rebecca.

3. Paano nalaman ng Diyos ang lahat tungkol sa kambal ni Rebecca bago sila isinilang?
-Alam ng Diyos ang lahat tungkol sa lahat ng tao.
-Walang natatago sa Diyos.

4. Ano ang mga pangalan ng kambal na lalaki na ipinanganak ni Rebeka?
-Esau at Jacob.

5. Naniniwala ba si Esau sa Diyos?
-Hindi.

6. Naniniwala ba si Jacob sa Diyos?
-Oo.

7. Bakit pinili ng Diyos na ipadala ang Tagapagligtas sa pamamagitan ng lahi ni Jacob?
-Dahil hindi naniniwala si Esau sa Diyos.

8. Ano ang nakita ni Jacob sa panaginip na ibinigay sa kanya ng Diyos?
-Nakita ni Jacob ang isang hagdan.



9. Saan nakadikit ang ibabang dulo ng hagdan?
-Ang ibabang dulo ng hagdan ay nakadikit sa lupa.

10. Saan nakaabot ang tuktok ng hagdan?
-Ang tuktok ng hagdan ay umabot sa langit.

11. Ano ang ibig sabihin na ang hagdan ay naguugnay sa lupa at umaabot sa langit?
-Ang hagdan ay pinagsasama ang lupa at langit.

12. Bakit ibinigay ng Diyos kay Jacob ang panaginip na ito?
-Itinuro ng Diyos si Jacob ang tungkol sa Tagapagligtas na darating.

13. Ano ang itinuro ng Diyos kay Jacob tungkol sa Tagapagligtas?
-Kung paanong pinaguugnay ng hagdan ang lupa at langit, ipapadala ng Diyos ang Tagapagligtas na maglalapit ng mga tao na nasa lupa tungo sa Diyos sa Langit upang magkasama.

14. Bakit hindi makakalimutan ng Diyos ang Kanyang pangako na ipapadala ang Tagapagligtas?
-Dahil hindi nakalilimot ang Diyos.
-Dahil hindi magbabago ang Diyos.
-Dahil laging tinutupad ng Diyos ang Kanyang mga pangako.

15. Pagkatapos manirahan ni Jacob sa Haran sa loob ng maraming taon, ano ang sinabi ng Diyos na gawin niya?
-Sinabi ng Diyos kay Jacob na lisanin ang Haran at bumalik sa lupain ng Canaan.

-Sino ang nag-ingat kay Jacob at nagligtas sa kanya mula sa lupain ng Haran patungo sa lupain ng Canaan?

-Ang Diyos.

Basahin natin ang Genesis 37:1

1-Nanirahan si Jacob sa lupain kung saan tumira ang kanyang ama, sa lupain ng Canaan.

-Anong bagong pangalan ang ibinigay ng Diyos kay Jacob?
-Israel.

Basahin natin ang Genesis 37:3

3-Minahal ni Israel si Jose nang higit kaysa lahat niyang anak, sapagkat siya ang anak ng kanyang katandaan at siya'y gumawa ng isang mahabang damit na kanyang suot.

-Ilang anak ang mayroon si Jacob?
-Labindalawa.

-Si Jacob ay may labindalawang anak na lalaki, ngunit mayroon siyang minahal nang higit sa iba pa niyang mga anak.

-Ano ang pangalan ng anak na minahal ni Jacob nang higit sa iba pa niyang mga anak?
-Jose.

-Dahil mas mahal ni Jacob si Jose, gumawa siya ng isang napakagandang damit para kay Jose.

-Dahil mas mahal ni Jacob ang kanyang anak na si Jose kaysa sa iba niyang mga kapatid, ano ang naisip ng ibang mga kapatid kay Jose?



-Sila ay nainggit kay Jose, at napopoot sa kaniya.

-Napopoot din kay Jose ang mga kapatid niya dahil sinusumbong ni Jose sa kanyang ama ang kanyang mga kapatid kapag may ginagawa silang mali.

Basahin natin ang Genesis 37:2 & 4

2- Ito ang salaysay tungkol sa pamilya ni Jacob: Si Jose, na may labimpitong taong gulang, ay nagpapastol ng kawan kasama ng kanyang mga kapatid.  Siya ay kasama ng mga anak nina Bilha at Zilpa, na mga asawa ng kanyang ama; at ibinalita ni Jose sa kanilang ama ang kasamaan nila.

4-Nakita ng kanyang mga kapatid na siya'y minahal ng kanilang ama nang higit kaysa lahat niyang mga kapatid;  At siya'y kinapootan nila at hindi sila nakipag-usap nang payapa sa kanya.

-Bakit nagagalit ang mga tao sa ibang tao?
-Bakit napopoot ang mga tao sa ibang tao?

-Dahil lahat ng tao ay ipinanganak na hiwalay sa Diyos.

-Dahil lahat ay ipinanganak na may kasalanan sa kanilang mga puso.

-Dahil lahat ay ipinanganak bilang mga anak ni Satanas.

-Ang mga kapatid ni Jose ay napopoot kay Jose dahil sila ay ipinanganak na hiwalay sa Diyos.

-Ang mga kapatid ni Jose ay napopoot kay Jose dahil sila ay ipinanganak na may kasalanan sa kanilang mga puso.

-Ang mga kapatid ni Jose ay napopoot kay Jose dahil sila ay ipinanganak bilang mga anak ni Satanas.

-Lahat ng tao ay ipinanganak na hiwalay sa Diyos, at hindi natin mababago ang ating sarili.

-Lahat ng tao ay ipinanganak na may kasalanan sa kanilang mga puso, at hindi natin mababago ang ating sarili.

-Lahat ng tao ay ipinanganak bilang mga anak ni Satanas, at hindi natin mababago ang ating sarili.

-Isang araw, binigyan ng Diyos si Jose ng panaginip.

Basahin natin ang Genesis 37:5-8

5-Minsan ay nanaginip si Jose at nang isalaysay niya ito sa kanyang mga kapatid, lalo pa silang napoot sa kanya.
6-Sinabi niya sa kanila, "Pakinggan ninyo ngayon itong aking napanaginip.
7-Tayo'y nagtatali ng mga bigkis ng trigo sa bukid, nang tumayo ang aking bigkis at tumindig nang matuwid. At ang inyong mga bigkis ay pumalibot at yumuko sa aking bigkis."
8-Sinabi sa kanya ng kanyang mga kapatid, "Maghahari ka ba sa amin o mamamahala sa amin?" At lalo pa silang napoot sa kanya dahil sa kanyang mga panaginip at mga salita.

-Ano ang panaginip na ibinigay ng Diyos kay Jose?



-Sa panaginip, si Jose at ang kanyang mga kapatid ay nagtatali ng mga bigkis ng uhay sa isang bukid.

-Pagkatapos, ang mga bigkis ng uhay ng magkapatid ay yumukod sa bigkis ng uhay ni Jose.

-Dahil sa panaginip na ibinigay ng Diyos kay Jose, lalo siyang kinamuhian ng mga kapatid niya.

-At sunod, binigyan ng Diyos si Jose ng pangalawang panaginip.

Basahin natin ang Genesis 37:9-11

9- Nagkaroon pa siya ng ibang panaginip at isinalaysay sa kanyang mga kapatid, at sinabi, "Ako'y nagkaroon ng isa pang panaginip: ang araw, ang buwan, at ang labing-isang bituin ay yumuko sa akin."
10-Subalit nang kanyang isalaysay ito sa kanyang ama at mga kapatid, siya ay pinagalitan ng kanyang ama, at sinabi sa kanya, "Ano itong iyong napanaginip? Tunay bang ako, ang iyong ina, at ang iyong mga kapatid ay yuyukod sa lupa sa harap mo?"
11-At ang kanyang mga kapatid ay nainggit sa kanya, subalit pinag-isipan ng kanyang ama ang bagay na iyon.

-Ano ang pangalawang panaginip na ibinigay ng Diyos kay Jose?

-Sa panaginip, mayroong araw, buwan, at mga bituin.

-Pagkatapos, ang araw, buwan, at labing-isang bituin ay yumukod kay Jose.

-Sa panaginip, sino ang araw?

-Ang ama ni Jose.
-Sa panaginip, sino ang buwan?
-Ang ina ni Jose.

-Sa panaginip, sino ang labing-isang bituin?
-Ang labing-isang kapatid ni Jose.

-Ano ang ibig sabihin ng dawalang panaginip?

-Isang araw, gagawin ng Diyos si Jose na pinuno, at ang pamilya ni Jose ay yuyukod sa kaniya.

-Sino ang nakakaalam sa hinaharap ni Jose, at ipinakita sa kanya ang hinaharap sa pamamagitan ng kanyang mga panaginip?
-Ang Diyos.

-Tulad ng pagkaalam ng Diyos sa kinabukasan ni Jose, alam ng Diyos ang ating kinabukasan.

-Gaano karami sa ating kinabukasan ang alam ng Diyos?

-Alam ng Diyos ang lahat ng ating kinabukasan.

-Dahil sa mga panaginip na ibinigay ng Diyos kay Jose, lalo siyang kinamuhian ng mga kapatid niya.

-Isang araw ay binisita ni Jose ang kanyang mga kapatid sa bukid.

Basahin natin ang Genesis 37:17b-20

17-Sinundan ni Jose ang kanyang mga kapatid, at natagpuan niya sila sa Dotan.



18-Kanilang natanawan siya sa malayo, at bago siya nakalapit sa kanila ay nagsabwatan sila laban sa kanya na siya'y patayin.
19-At sinabi nila sa isa't isa, "Tingnan ninyo, dumarating ang mahilig managinip.
20-Halikayo, patayin natin siya at itapon natin sa isa sa mga balon, at ating sasabihin, 'Nilapa siya ng isang masamang hayop;' At tingnan natin kung anong mangyayari sa kanyang mga panaginip."

-Ang mga kapatid ni Joseph ay labis na napopoot sa kanya kaya gusto nila siyang patayin.

-Subalit nagpasya ang panganay na kapatid ni Jose na si Ruben na iligtas si Jose.

Basahin natin ang Genesis 37:21-24

21-Subalit nang ito ay narinig ni Ruben, kanyang iniligtas siya sa kanilang mga kamay, at sinabi, "Huwag nating patayin."
22-Sinabi ni Ruben sa kanila, "Huwag kayong magpadanak ng dugo. Ihulog ninyo siya sa balong ito na nasa ilang, subalit huwag ninyong pagbuhatan ng kamay;" Upang siya'y kanyang mailigtas sa kanilang kamay at maibalik sa kanyang ama.
23-Nang dumating si Jose sa kanyang mga kapatid, siya'y kanilang hinubaran ng kanyang mahabang damit na kanyang suot.
24-Kanilang sinunggaban siya at inihulog sa balon. Ang balon ay tuyo at walang lamang tubig.

-Ano ang ginawa ng mga kapatid ni Joseph kay Joseph?

-Hinubad nila ang kanyang damit, at inihagis siya sa isang tuyong balon.

-Pagkaalis ng kapatid ni Jose na si Ruben, ano ang ginawa ng natitirang mga kapatid kay Jose?

Basahin natin ang Genesis 37:25-28

25-Pagkatapos ay umupo sila upang kumain ng tinapay; at sa pagtingin nila ay nakita nila ang isang pulutong na mga Ismaelita na nanggaling sa Gilead kasama ang kanilang mga kamelyo at may dalang mga pabango, mga mabangong langis, at mga mira na kanilang dadalhin sa Ehipto.

26-At sinabi ni Juda sa kanyang mga kapatid. "Anong ating mapapakinabang kung patayin natin ang ating kapatid, at ilihim ang kanyang dugo?

27-Halikayo, atin siyang ipagbili sa mga Ismaelita, at huwag natin siyang pagbuhatan ng kamay, sapagkat siya'y ating kapatid, at ating laman." At pinakinggan siya ng kanyang mga kapatid.

28-Dumaan ang mga mangangalakal na mga Midianita; at kanilang iniahon si Jose sa balon, at siya'y ipinagbili sa mga Ismaelita sa halagang dalawampung pirasong pilak. At dinala nila si Jose sa Ehipto.

-Ipinagbili ng mga kapatid ni Jose si Jose bilang alipin sa mga mangangalakal ng alipin.

-Saan dinala ng mga mangangalakal ng alipin si Jose?
-Sa Ehipto.

-Ano ang ginawa ng magkapatid nang bumalik si Ruben?



Basahin natin ang Genesis 37:29-31

29-Nang bumalik si Ruben sa balon at makitang si Jose ay wala na sa balon, kanyang pinunit ang kanyang mga suot.

30-Siya'y nagbalik sa kanyang mga kapatid, at kanyang sinabi, "Wala ang bata; at ako, saan ako pupunta?"

31-Kaya't kanilang kinuha ang mahabang damit ni Jose, at sila'y pumatay ng isang lalaking kambing, at kanilang inilubog ang mahabang damit sa dugo.

-Kinuha ng mga kapatid ni Jose ang damit niya, pumatay ng kambing, at itinubog ang balabal sa dugo ng kambing.

-Pagkatapos, dinala ng mga kapatid ni Jose ang damit na itinubog sa dugo ng kambing sa kanilang amang si Jacob.

Basahin natin ang Genesis 37:32-35

32-Kanilang ipinadala ang mahabang damit na kanyang suot sa kanilang ama, at kanilang sinabi, "Ito'y aming natagpuan, kilalanin mo kung ito'y mahabang damit ng iyong anak o hindi."

33-Nakilala niya ito kaya't kanyang sinabi, "Ito nga ang mahabang damit ng aking anak! Sinakmal siya ng isang mabangis na hayop; tiyak na siya'y nilapa."

34-Pinunit ni Jacob ang kanyang mga suot, at nilagyan niya ng damit-sako ang kanyang mga balakang, at ipinagluksa ng maraming araw ang kanyang anak.

35-Lahat ng kanyang mga anak na lalaki at babae ay nagtangkang siya'y aliwin; subalit tumanggi siyang maaliw, at kanyang sinabi, "Lulusong akong tumatangis para sa aking anak hanggang sa Sheol." At tinangisan siya ng kanyang ama.

-Si Jose ay ibinenta ng mga kapatid niya bilang isang alipin.

-Nalinlang ng mga kapatid ni Jose ang kanilang ama na si Jacob.

-Inisip ni Jacob na patay na si Jose.

-Kinasusuklaman si Jose ng kaniyang mga kapatid.

-Ang pagkapoot ng mga kapatid ni Jose ay naging dahilan upang ipagbili nila si Jose bilang isang alipin.

-Ang pagkapoot ng mga kapatid ni Jose ang naging dahilan upang linlangin nila ang kanilang ama.

-Ang poot ay laging humahantong sa mas maraming kasalanan.

-Namatay ba si Jose?
-Hindi.

-Nasaan si Jose?
-Si Joseph ay nasa Ehipto.

Basahin natin ang Genesis 39:1

1-Noon ay dinala si Jose sa Ehipto, at binili siya ni Potifar sa mga Ismaelita na nagdala sa kanya roon. Si Potifar ay pinuno ni Faraon, na kapitan ng bantay at isang taga-Ehipto.

-Kanino ipinagbili ng mga mangangalakal ng alipin si Jose bilang isang alipin?

-Kay Potipar.



-Pinabayaan ba ng Diyos si Jose?
-Hindi.

-Hinding-hindi pababayaan ng Diyos ang sinumang naniniwala sa Kanya.

-Ang Diyos ay kasama ni Jose sa lahat ng oras.

-Ano ang nangyari kay Jose matapos siyang mabili ni Potipar?

Basahin natin ang Genesis 39:2-6a

2-Ang Panginoon ay naging kasama ni Jose, at siya'y naging lalaking maunlad. Siya'y nasa bahay ng kanyang among taga-Ehipto.
3-Nakita ng kanyang amo na ang Panginoon ay kasama niya, at ang lahat ng ginagawa ni Jose ay umuunlad sa kanyang kamay.
4-Kaya't nakatagpo si Jose ng biyaya sa paningin niya at ginawa niyang kanyang katulong. Ipinamahala niya kay Jose ang bahay niya at ang lahat niyang pag-aari ay inilagay sa kanyang pangangasiwa.
5-Mula nang panahon na si Jose ay pamahalain sa kanyang bahay at sa lahat ng kanyang pag-aari, pinagpala ng Panginoon ang bahay ng taga-Ehipto. Ang pagpapala ng Panginoon ay dumating sa lahat ng kanyang pag-aari, sa bahay at sa parang.
6-Kaya't ipinamahala niya ang lahat niyang pag-aari sa kamay ni Jose, at hindi siya nakikialam sa anumang bagay maliban sa tinapay na kanyang kinakain.

-Kahit na ang mga kapatid ni Jose ay napopoot sakanya, hindi pinabayaan ng Diyos si Jose.

-Kahit na si Jose ay ipinagbili ng kaniyang mga kapatid bilang isang alipin, hindi pinabayaan ng Diyos si Jose.

-Dahil naniwala si Jose sa Diyos, pinagpala ng Diyos si Jose.

-Isang araw, nang umalis si Potipar, may nangyari kay Jose.

Basahin natin ang Genesis 39:6b-15

6- Si Jose ay matipuno at makisig na lalaki.
7-Pagkatapos ng mga bagay na ito, tinitigan si Jose ng asawa ng kanyang panginoon at sinabi, "Sipingan mo ako."
8-Subalit siya'y tumanggi at sinabi niya sa asawa ng kanyang panginoon, "Tingnan mo, ang aking panginoon ay hindi nakikialam sa akin tungkol sa anumang bagay na nasa bahay, at lahat ng kanyang pag-aari ay ipinamahala sa aking kamay.
9-Walang sinumang dakila kaysa akin sa bahay na ito; Walang anumang bagay ang ipinagkait sa akin, maliban sa iyo, sapagkat ikaw ay kanyang asawa. Paano ngang magagawa ko itong malaking kasamaan at kasalanan laban sa Diyos?"
10-Kahit nakikiusap siya kay Jose araw-araw, ay hindi siya pumayag na siya'y sumiping o makisama sa kanya.
11-Subalit isang araw, nang siya'y pumasok sa bahay upang gawin ang kanyang gawain at walang sinumang tao sa bahay,
12-Siya'y pinigilan niya sa pamamagitan ng kanyang suot, na sinasabi, "Sipingan mo ako!" Subalit naiwan ni Jose ang kanyang suot sa kamay niya, at siya'y tumakas papalabas ng bahay.
13-Nang makita niyang naiwan ang kanyang suot sa kamay niya at tumakas sa labas ng bahay,
14-Siya'y tumawag ng mga tao sa kanyang bahay, at sinabi sa kanila, "Tingnan ninyo, ang aking asawa ay nagdala sa atin ng



isang Hebreo upang tayo'y tuyain. Pinasok niya ako upang ako'y sipingan, at ako'y nagsisigaw nang malakas.
15-Nang marinig niyang ako'y nagtaas ng tinig at nagsisigaw, naiwan niya ang kanyang suot sa aking tabi at tumakas, at lumabas ng bahay."

-Dahil naniniwala si Jose sa Diyos, tumanggi siyang makipagsiping sa asawa ni Potipar.

-Dahil tumanggi si Jose na makipagsiping sa kaniya, ang asawa ni Potipar ay nagsinungaling tungkol kay Jose.
-Ano ang nangyari nang umuwi si Potipar?

Basahin natin ang Genesis 39:16-20

16-Pagkatapos ay iningatan niya ang kasuotan ni Jose hanggang sa pagdating ng kanyang amo sa kanyang bahay.
17-Sinabi niya sa kanya ang mga salita ring ito, na sinasabi, "Pinasok ako ng aliping Hebreo na iyong dinala sa atin, upang tuyain ako.
18-Nang nagtaas ako ng aking tinig at ako'y nagsisigaw, kanyang naiwan ang suot niya sa aking tabi at tumakas na papalabas."
19-Nang marinig ng kanyang amo ang mga sinabi ng kanyang asawa, na sinasabi, "Ganito ang ginawa sa akin ng iyong alipin;" Ay nag-alab ang kanyang galit.
20-Kinuha si Jose ng kanyang panginoon at inilagay sa bilangguan, sa lugar na pinagkukulungan ng mga bilanggo ng hari.
-Nang umuwi si Potipar, naniwala siya sa kasinungalingan ng kanyang asawa, at inilagay si Jose sa bilangguan.

-Nang si Jose ay nasa bilangguan, pinabayaan ba siya ng Diyos?
-Hindi.

-Hinding-hindi pababayaan ng Diyos ang sinumang naniniwala sa Kanya.

-Ang Diyos ay kasama ni Jose sa lahat ng oras.

-Kahit na si Jose ay nasa bilangguan, ang Diyos ay kasama ni Jose.

Basahin natin ang Genesis 39:21-23

21-Subalit kasama ni Jose ang Panginoon at nagpakita sa kanya ng tapat na pag-ibig, at pinagkalooban siya ng biyaya sa paningin ng bantay sa bilangguan.
22-Ipinamahala ng bantay sa bilangguan sa pangangalaga ni Jose ang lahat na mga bilanggo na nasa bilangguan; At anumang ginagawa nila roon ay siya ang gumagawa.
23-Hindi pinakialaman ng bantay sa bilangguan ang anumang bagay na nasa pamamahala ni Jose sapagkat ang Panginoon ay kasama niya. Anumang kanyang ginagawa ay pinagpapala ng Panginoon.

-Kahit na si Jose ay kinasusuklaman ng kaniyang mga kapatid, naniwala pa rin si Jose sa Diyos.

-Kahit na si Jose ay ipinagbili ng kaniyang mga kapatid bilang isang alipin, naniwala pa rin si Jose sa Diyos.

-Kahit na ang asawa ni Potipar ay nagsinungaling tungkol kay Jose, si Jose ay naniniwala pa rin sa Diyos.



-Kahit na nakakulong si Jose, naniwala pa rin si Jose sa Diyos.

-Sino ang nagprotekta kay Jose sa bilangguan?
-Ang Diyos.

-Bakit pinangalagaan ng Diyos si Jose?

-Dahil alam ni Jose na siya ay ipinanganak sa kasalanan.

-Dahil alam ni Jose na ang kanyang kasalanan ay nagdadala sa walang hanggang kamatayan.

-Dahil alam ni Jose na ang Diyos lamang ang makapagliligtas sa kanya.

-Dahil naniwala si Jose na ipadadala ng Diyos ang Tagapagligtas upang iligtas siya.

-Sa palagay mo ba makakalimutan ng Diyos si Jose sa bilangguan?
-Hindi.

-Sa susunod na aralin, mababasa natin ang tungkol sa ginawa ng Diyos para kay Jose sa bilangguan.